risiris

dangadang iti gubat

a peace through war



Risiris Literary and Art Folio
Mga tula at kwento ng pakikibaka

Inihahandog ng Kabataang Makabayan - DATAKO (KMD) at ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) ang Literary and Art Folio na ito sa sambayanang Pilipino at sa Pambansa-demokratikong Rebolusyong Bayan. Ang bawat likhang-sining rito ay maaaring ipalaganap sa anumang paraan o anyo; mga tula, kwento, at sining-biswal ay maaaring sipiin sa mga panunuri at itanghal sa mga pulong-masa at pagtitipon ng mga rebolusyonaryong pwersa. Maaari rin itong isalin sa ibang wika at ilathala sa mga publikasyon ng pambansa-demokratikong kilusan.

Hinihikayat ang lahat ng kasama sa kanayunan man o lungsod na magambag ng kanilang mga akda at iba pang likhang sining. Anumang mga puna at mungkahi ay malugod naming tinatangap sa diwa ng ibayo pang pagpapaunlad sa ating rebolusyonaryong sining at panitikan.





Marahil ilang mga tula at mga kwento na ng pakikibaka ang naitala natin sa mga papel gamit ang pluma. Kung paano natin binuburda ang imahe ng pagkilos natin sa kalunsuran.

Kung hindi ka man nagsusulat ay maaaring naipinta mo ito sa plakard o na post mo ito sa iyong Instagram story ang mga rally na dinaluhan o mga tugtugan ng mga rebolusyonaryong awitin sa harap ng bonpayr. Marahil, naunawan mo ang lalim ng esensya ng pagiging isang aktibista sa lungsod sa iyong araw-araw na pakikisalamuha sa mga ordinaryong tao. Maaari din namang banayad ang iyong pakiramdam ng nakatapak ka sa lupang nagbabarikadang mga manggagawa. Pwede din naman na nahasa ang iyong galing sa pagtuturo hanggang sa pakikipagtalastasan sa mga maiinit na usapin.

Hindi ka na kinakabahan. Hindi ka na nagdadalawang isip kung tama ba ang sasabihin.

Minsan pa nga, nabubuo ang mga perspektiba. Maaaring magpultaym sa ibang sektor o ‘di kaya tumungo sa kanayunan.

Tama ba?

Masyado nga ba natin niroromantisa ang rebolusyon at ginagagawa natin itong *aesthetic?*

Baka hindi naman sa ganoong paraan. Marahil iba-iba pa tayo ng unawa sa rebolusyon. Pero, alam ko dito tayo natututo na makipagtunggalian, mula sa mga mababaw na mga bagay hanggang sa pinakamalalim na usapin ng politika. Dito tayo natututo kung paano maging isang aktibista at maging isang dakilang mga rebolusyonaryo.

Alam ko na alam ng bawat isa sa atin ang esensya ng Digmang Bayan. Sapat ang mga teyoryang mga aral ng Marxismo, Leninismo, at Maoismo sa ating paghasa sa ating kamulatan. Nakikita natin ito sa araw-araw na pakikisalamuha sa mga tao. Ang simpleng interaksyon gaya ng pag-abot ng bayad sa jeep, mismong paglalakad sa Session Rd., at sa pakikipagusap natin sa ating mga kolektib.

Kaya, siguro nasusulat natin ang mga tula at mga kwento, napipinta sa mga plakard ang mga panawagan, at nakakapagpost tayo ng mga personal stories on Instagram. Nakikibahagi tayo sa rebolusyon. Naisasabuhay natin ang mga teyorya at praktika at nasasabi mo na isa kang aktibista.

- Kidawa Dayawen

Mga tula

Manggahan

by Cairo Obrero

Hinog na nga
Mga kasapi ng manggahan
Sa silok nito'y
Naglalaglagan ng bungang
mapula
Nakakalasing ang simoy at
Sa kakaunting palupoy
Bibitaw na sa sanga
At bibinatin
Mga hindi pa handa
Dala ang buto
Magpapasa sa lupa
Magsusugat sa bato
Itatanim ang sarili
Iba'y mabubulok
Iba'y mag-uugat
Mangangati ang
Bukirin sa mga pilat

Saludo

Ni: Mabs

Sa inyong mga yapak, ako ay tatahak.
Aalamin ang bawat sulok ng tatsulok
Lubusang kikilanin ang masang-api
Upang maunawan ang kanilang tunay na kalagayang
Dumadagundong sa bawat sigaw nating
Unti-unting niyayanig ang kalawanging kabilya ng mga pasista.

Ang aking pamana sa aking lupang tinubuan ay
Kabataang tunay, palaban, makabayang kumikilos,
Upang pugsain ang mga kadenang nakagapos sa ating bayang inaabuso

Sakripisyo, ika nga, ang kapalit ng pagtugon - subalit,
Aanhin pa ang sistemang baliktad na kung hindi ito itatama
Inyo ko inaalay ang aking lakas at talino, dangal at husay - sapagkat
Naniniwala ako na ang panawagan ay matagal nang dumadaloy sa aking dugo - kinailangan lang nitong
Yumabong sa lupang itinakda para rito - kasama kayo,
Unti-unti nating babaguhin ang mundo.

Pagkatapos
(isinaling bersyon ng "Consequence" ni Ma. Luisa A. Cariño)

ni: Lee Han

Panahon ng lamig, panahong itinakda
para sa pagkakatha ng liwanag.

Isang gabing nananahan sa 'di malusutang
kalatagan ng kalawakan, lumiliwanag
sa sagradong metal. Narito ang lalakaran
landas tungong tubig sa balon kung nasa'ng mga bituin
ay nagpapahinga, pinalilibutan ng mga bato. Pagkahila
laksa-laksang sumisirit bilang isang dagundong
ng paglalahad ng istorya. Makinig sa pagbaybay
ng hangin, ang orihinal na hulma ng lahat
ng ating napakinggan sa dilim, pumapaligid
sa mga tahanan. Kamay sa kamay
hawak ang napipigtas na lubid, hiningang
sumisiksik sa iyong basang buhok
at mga tastas na sinulid ng iyong damit.

At ito ang kapanganakan, ang paglalakbay,
at ang pagbabalik sa bayang mapag-uusapan
ang lahat ng maaari.
Kung mabuwag man ang puno sa gubat,
ihahayag ito ng kalupaan sa mundo.

Babangon nang biglaan, mula sa damping
mga damo, ilalantad ng mga ibon ang kulob nilang awitin.
Bubulong ang mga dahon,
o 'di kaya'y itutuhog ang mga sarili sa lupa.

Paanong ang lahat ng ito
ay magiging hindi totoo?

Hibla
Ni: CTG

Sa bawat ugong ng makina
May isang metrong hibla, isang metrong tela
Mula sa manggagawang pinipiga para sa limpak limpak na pera
Ang dating puting bulak – binabad, trinansporma
Dugo, pawis, luha – tubig ng buhay na sinangla
Kapalit ng sahod – isang binabarat na halaga
Isang libong kamisang tinahi ng pagsasamantala

Sa bawat ikot ng itim na orasan
May isang araw na naman ng paglisan
Mula sa anak, sa pamilya, sa kalusugan, at Karapatan
Libong henerasyon, naghahabi, pinahihirapan
nabuo ang kamulatan, kasabay ng hibla ng telang ito
nauna pa kaysa masulat ang buong pangalan ko
gamit ang parehong kamay na nagnais magbilang sa klase hanggang sampu
bago maging batak sa arawang pagtratrabaho
kaya siguro kapag kaunti ang iyong kaalaman
ay mapipilitang kang kontrolin ang iyong kalamnan
ganito ang karanasan ng aking mga kapwa
kung saan nalahanghap na ang lahat bago pa makilala,
ang pangalan ng kemikal na gamit sa pabrika
kung saan ang sahod na kinikita
di kayang makabili ng kahit isang nilikhang kamisita
kung saan ang tanging sigurado sa trabaho
ay ang banta ng pagkakatanggal dito.

Krrrk Krrrrrrrrrk

Ang dingding sa pabrika, bumibitak sa bigat ng bulto ng tela
Mula sa manggagawang tila hindi na makahinga
kinakabahan sa bawat padyak ng paa
Ang pabrika nagiging isang delikadong hawla
sumasapat ba ang mga barya
kapalit ng aming butong binanat para sa halaga?
Kung itong saplot ay katumbas ng ginto,
bakit hindi namin madama na kami'y milyonaryo.

Ang sinasantong amo, nag-aastang mananahi
nagbuburda ng labis na kahirapan sa aming mga mahihirap
nag-iimprenta ng kung anong halaga ng kalyo sa kamay at paa
ang siya ding tumatabas ng ugnayan sa buhay namin sa loob at labas ng pabrika.

Ngunit itong imprenta ay siyang
nagngingitngit sa amin katulad nitong lumang makina
itong mga imprenta ang nagdedesisyon sa
aming paghabi ng mga hinaing para sa nakakabuhay na barya.

Itong mga pulang hibla ang siyang magiging
pisi na magtatali sa aming hanay
at kung anong lakas/ ng ingay ng lumang makina
ay lalabanan ng lakas/ ng aming sigaw sa lansangan

Ang negosyo ng amo – mapanlinlang, gahaman
Baril, pluma, kapwa – mag organisa, lumaban
Kapalit ng hinaharap – isang mapulang silangan
Isang libong kamisang katumbas/ ay mapagpalayang dig-maan.

Marka ng Huling Alingawngaw
Ni Lee Han

Masdan ang silahis ng apoy na pupunit sa tagping pinagkitilan!

Unang Kumpas: Djembe*
Gabí-gabí. Magdamagan kung pagkiskisin ang mga palad habang pilít na pinagdudugtong ang mga tira-tirang panáli.

"... asahan ang malakas na ulan sa mga karatig-lugar sa susunod na labing-dalawang
oras. Samantala, dala rin ng hanging habaga--"

Pakaliwa ang direksiyon ng pagpihit sa pindutan ng maalikabok nang radyong baluktot
ang kable. Sawá na sa paulit-ulit na kuda ng boses na iisa lang ang ibinubu-gang timbre.

Kamakailan lang, gumulantang ang balita ng pagkawala ng mga mukhang sa pagkakataon lang na iyon nasilayan. *Lukso ng dugo.* Pawang kutob ang umiiral sa
bawat pagkakataóng ipahahagip ng alaala ang pangalan at petsang hindi si-nasadyang
makabisá. Sagipin nawa ang damdaming pinagtakluban ng hindi mabanggit na delubyong dumagsa. Lukso ng dugo — ang parehong pakiramdam nang unang makadama ng pagputok sa lamang-loob nang makita ang punit-punit at dungisin nang
tarapal kung saan nakaukit ang mukha at pangalan ng magdadalawang dekada nang
hindi binibiyayaan ng hindi maluhurang hustisya.

Gálit ang namumuo, dahil sa lahat ng maaaring mangyari, *bakit iyon?* Sa mga bintang
na pinaagos,
nagsasayá ang mga payasong
nagsisiastang asong
ang baston ay balisóng

na anumang oras,
ay maaaring sum
lubong
sa mga táong
pulang bandila ang ikinakalong.

Makalipas ang ilang araw, panibagong dagok ang humambalos — ang pagkalanta ng

pinag-usbungan ng isa pang hindi malilimutan ang samyo.

Ikalawang Kumpas: Gangsa
Dalawang linggo na lamang ang nalalabí.

Sa pagkaripas ng bawat piraso ng apoy
mula sa nagliliyab na mga panggatong,
nakasunod ang bilugang mga mata —
naghihintay sa posibleng pagdapo ng
nagliliparang dahong naging abo na.

Sa 'di kalayuan, paulit-ulit na tumutugtog
ang mga awiting pangkampanyang hindi
pinagsasawaan. Halaw sa mga pamilyar
nang melodiya; hinahaluan ng sayaw.

Masigla,
at sa kabila ng mga hakbang na walang ka-
tiyakan kung kailan magtutugma-tugma,
iisa
ang pintig ng mga pandama.

Humuhuni ang mga kulisap. Lumalayag na
ang mga talukap ng mga paninging
nagbibigay ng senyales sa pangan-
gailangang ilagak na sa panandaliang
pagkahimbing
ang iniindang mga kasu-kasuan. Hayaan
ang pagsandal ng mga ulong muling tit-
ingala
kinabukasan upang maikabit ang mga
kaakibat ng bawat ipinapanawagan.

Sa pagitan ng dapit-hapon at ng bukang-
liwayway, hindi maiiwasan ang pagdako
ng
hatinggabi.

Ikatlong Kumpas: Gitara

ikaw ang silahis
na tutuhog sa lumolobong
wangis ng mga mapagsamantala,

at ako ang tatangan ng suló —
tatanglawan ang nilibliban;
sisilaban ang piring mula sa laylayan.

ikaw ang hahaplos
sa mukha at kamay ng mga lumuluha,
at ako ang gagapas sa talahibang

saksi sa simula ng panahon ng pagdurusa.

ikaw ang babaybay sa mga lansangan,
at ako ang magpapaingay ng batingaw
ng bawat isinusulong ng umaalsang larawan

dahil itinali mo ang pulang láso

Marka ng Huling Alingawngaw

bilang panibagong palamuti
sa kasuotan mong hinabi ng henerasyong
pakikibaka;
tinahak mo ang kakitiran ng mga pilapil
upang akayin ang lubid ng digma.

ako ang hindi maalis sa bawat sambit mong
gunita;
ako ang laman ng ipinaglaban mong panata,
subalit bakit ikaw ang kinailangang mag-
dusa?

bakit ikaw ang piniling sa paningin ko ay
iwala?
bigyan mo ako ng kasagutan.

kailan mo ako mabibigyan ng kasagutan?
makapagbibigay ka pa ba ng kasagutan?

tahan na, tahan na.
hindi ka na muling mag-iisa.

Huling Kumpas: Djembe

Iluha ang naipong lugmok. Walang sáyang sa pagbabanát ng ka-tawan upang buwagin
ang nakatenggang huwad na paniniwala habang sinusuong ang karahasan ng
mundong kasalukuyang binubulag ng mga mangingikil at mapagsamantala. Sa
pagsabay sa mabagal na galaw ng paglabong ng mga ugat, hulúgan ng mga binhi ang
lupang inihanda na ng mga nauna.

Sumulong, dahil sa pagpula ng silangan, hindi na makapaghi-hintay pa ang mga
nagdaralita.

"... hindi kailanman naging sayang ang buhay na inalay para sa interes ng taumbayan

at sa kasarinlan ng ating bansa." - Ka Dahlia

Pinakamataas na pagpupugay para kay Rafael Markus Bangit!
Pinakamataas na pagpupugay para kay Ka Dahlia!
Ilitaw ang mga sapilitang iwinala! Hustisya para sa mga apí at maralita!

**Isang instrumentong pangmusika sa Kordilyera; lumilikha ng tunog sa pamamagitan ng pagtambol.*
***Isa pang instrumentong pangmusika sa Kordilyera; gi-nagamitan ng kamay o hiwalay na panghampas.*



Mga Kwentong KMD

Sa Yapak ng Pakikibaka
By: Blair

Sa isang lipunang nilulumpo ng kahirapan at mapang-aping estado, may mga yapak na dumadagundong. Hindi basta ingay ng nagmamadaling mga paa, kundi pintig ng himagsik na unti-unting umuusbong. Ang bawat yapak ay kulog na nagpapayanig sa pundasyon ng bulok na sistema; naroon ang sigaw ng mga magsasakang ninakawan ng lupa, ang pagod ng mga manggagawang piniga ng kapitalismo, at ang panaghoy ng kabataang pinagkaitan ng kinabukasan.

Sa mga yapak na ito sumibol ang pagkamulat ng kabataang pilit na pumipiglas sa tanikala ng kahirapan habang dala ang alaala ng kaniyang pinagmulan. Ngunit bago ako natuto lumakad sa landas ng pakikibaka, una ko munang nasilayan ang yapak ng isang babae, ang yapak ng aking ina. Sa bawat pag-uwi niya mula sa maghapong pagsusumikap, dala ang pawis at pagod na halos sumisigaw ng sakripisyo, nakita ko ang mukha ng kahirapan. Lumaki akong kapit sa kaniyang paniniwalang ang edukasyon ang magiging tulay upang makaahon sa kahirapan. Kaya't sa aking murang isipan, paulit-ulit kong isinumpang magsusumikap akong mag-aral nang mabuti. Hindi lamang para sa aking sarili, kundi higit para sa kaniya, nang balang araw ay makapagpahinga siya mula sa bigat na pasan ng kahirapan. Ngunit dumating ang gabing gumuho ang lahat. Sa huling mga sandali bago siya tuluyang lamunin ng dilim ng depresyon, iniwan niya sa akin hindi lamang pangungulila, kundi isang panata. Ang aking pagnanais na makapagtapos at magkaroon ng magandang kinabukasan ay naging huling habilin, naging huling yakap ng isang inang ibinuhos ang lahat para sa amin.

Sa kaniyang pagkawala, mas tumibay sa akin ang paniniwalang ang laban ng aking ina ay hindi lamang laban ng isang pamilya. Ang kaniyang luha ay luha ng milyun-milyong ina, manggagawa, at anak ng pawis na araw-araw hinahawan ang landas ng buhay sa ilalim ng isang mapagsamantala't marahas na sistema. At doon ko natanto na higit pa sa personal na tagumpay ang tungkulin ko sa bayan.

Sa piling ng Kabataang Makabayan, natagpuan ko ang kalinga at paninindigang matagal ko nang hinahanap. Dito nagkaroon ng kasagutan ang galit na matagal nang naglalagablab sa dibdib, galit na naipon mula sa lahat ng sakit at kawalang-katarungang nasaksihan ko sa aking buhay. Natutuhan kong ang tunay na edukasyon ay hindi nakukulong sa apat na sulok ng silid-aralan, kundi nakaugat sa masa. Ang mga aral sa loob ng kilusan ay tila apoy na nagpapaliyab ng aking paninindigan. Ang bawat kwento ng masa ay tila martilyong dumudurog sa dating pananaw ko tungkol sa "tagumpay." At sa bawat pagkilos, ramdam ko na hindi ako nag-iisa. Ang KM ang nagturo sa akin na ang tunay na kalinga ay makikita sa kolektibong lakas, at ang tunay na paninindigan ay ang paglilingkod sa bayan nang buong puso't walang pag-aalinlangan.

Ngunit may mga higit pang matitibay na yapak na naroroon sa kanayunan. Yapak ng Bagong Hukbong Bayan, mga mandirigmang piniling isugal ang buhay, isuko ang sariling kinabukasan upang bawiin ang kinabukasan ng nakararami. Ang kanilang mga yapak ay nakaukit sa lupang matagal nang pinagnasaan ng mga panginoong maylupa, at ang kanilang mga hakbang ay humahawi ng landas tungo sa lipunang malaya mula sa pananamantala.

Kung ang aking ina ay huwaran ng sakripisyo sa loob ng tahanan, sila naman ang huwaran ng sakripisyo sa labas nito. At bilang anak ng aking ina, at anak ng bayan, hindi ko kayang palampasin ang pagkakataong ipagpatuloy ang laban na parehong iniwan sa akin ng aking ina at ng sambayanan. Ang buhay ng aking ina ang unang aral, at ang kaniyang pagkawala ang unang panawagan. At sa bawat yapak na tinatahak ko ngayon, baon ko ang kaniyang mga alaala at mga paalala. Mga paalala na ngayon ay hindi na lamang para sa akin, kundi para sa lahat ng anak ng bayan.

Ang aking kaibigang hindi pangkaraniwan
Ni: August

Nitong mga nakaraang linggo, nagkaroon ako ng pagkakataong makipamuhay sa isang hindi pangkaraniwan. Sa maikling panahon ng aming pagsasama sa ilalim ng iisang bubong, unti-unting nabura ang mga linya ng pagkailang. Maraming tanong ang nasagot sa paraang hindi ko inaasahan, dahil sa halip na sa pamamagitan ng pormal na pag-uusap, nasagot ang aking mga tanong sa pagitan ng mga kwentuhang walang direksyon, sa tawanan, at sa minsanang asaran na nagbubunyag ng unti-unti naming pagiging magkaibigan.

Noong una kong nalaman ang balita, kinabahan ako. Alam kong bahagi ng ating gawain ang tumugon sa mga hindi karaniwang karanasan, ngunit iba pala 'pag ikaw na mismo ang haharap. Mataas ang pagtingin ko sa mga katulad nila — sa kanilang tapang, sa kanilang paninindigan, sa katahimikang mabigat ng karanasan. Kaya't natakot ako: baka may magawa akong mali, baka may masabi akong hindi karapat-dapat. Maraming alanganin sa simula.

"Cruz," ang pakilala niya. Payak, diretso, walang dagdag na paliwanag.

Nagpakilala rin ako.

Isang araw, habang pinapalamanan niya ng peanut butter ang sliced bread, nagkwento siya tungkol sa isang panahong wala silang makain sa larangan. Kaya nagkwentuhan daw silang magkakasama tungkol sa mga paborito nilang pagkain. "Ako, peanut butter," sabi niya, sabay tawa. "Mula kasi ako sa uring petib."

Sinabi pa niyang dumating lang daw ang peanut butter sa larangan nang nakababa na siya. Madaya raw. Tumawa ulit siya habang kumakain, at sa sandaling iyon, parang saglit na naging magaan ang lahat.

Naisip kong hindi ko kailangang maging perpekto sa harap niya dahil katulad ko rin siya, isang taong marunong mapagod, magkamali, at tumawa o maghanap ng isang masarap na sliced bread with peanut butter. Sa mga sumunod na araw, naging komportable ako sa aking bagong kaibigan. Sa umaga, sabay kaming nagkakape sa balkonahe. Madalas siyang tahimik sa simula, nagbubuntong-hininga bago uminom ng kape, na para bang dinadala sa bawat lagok ang mga alaala sa loob ng larangan.

Ngunit kapag nagsimula na siyang magkwento, parang biglang nabubuksan ang isang mundo na hindi ko pa nakikita: mga baryong walang kuryente ngunit may liwanag ng pagkakaisa, mga bata sa gilid ng ilog na sabik sa pagbabasa, mga magsasakang sinamahan nilang magtanim at marami pang iba.

May mga gabi namang nauuwi kami sa mahabang tungkol sa maraming bagay.

Isang gabi, tinanong niya ako kung mayroon daw akong pelikula sa laptop. "Meron," sabi ko, "mga progresibong pelikula."

"Napakaserious mo naman," tugon niya, sabay tawa. "Wala ka bang action o comedy?"

Tumawa ako, at muli akong nakahinga nang maluwag. Doon ko naisip na kahit sa rebolusyon, may halakhak.

Habang tumatagal, natutunan kong basahin ang mga katahimikan niya. Kapag minsan ay matagal siyang nakatingin sa kawalan, alam kong may iniisip siyang mabigat. Hindi ko tinatanong, ngunit sa bawat pagsulyap ko sa kanya, dama ko ang bigat ng mga panahong hinarap niya siguro ang lamig ng mga gabi sa bundok o ang pangungulila sa mga iniwang pamilya. Ngunit sa kabila ng lahat ng iyon, nandoon pa rin ang liwanag sa kanyang mga mata, ang liwanag ng taong alam kung bakit siya naroon, kung bakit siya patuloy na lumalaban.

Sa mga gabing wala kaming ginagawa, nagkukwentuhan kami tungkol sa mga bagay na personal: mga paboritong pagkain, mga alaala ng kabataan, ang aming "what radicalized you moment"

Hindi ko alam ang buong kwento ni Cruz. Marahil puno ito ng galit at lungkot, kaya umabot siya sa pasyang marahas na harapin ang pinagmumulan ng kanyang hinanakit. O baka naman puno ng pag-asa, kaya't kaya niyang ipagpatuloy ang laban sa kabila ng lahat. Ngunit isa lang ang sigurado: ang kwento niya ay isinulat ng pagmamahal, sa bayan, sa masa, sa kinabukasan na pinili niyang ipaglaban kahit kapalit ay sariling buhay.

Dumating din ang araw ng kanyang pag-alis. Madilim pa. Iniabot niya sa akin ang isang liham na nakatiklop nang maayos, "Salamat," sabi niya, "sa pagpapatuloy""
Sabay akap.

Binasa ko ang liham matapos siyang umalis. Walang engrandeng salita, walang talumpating tono. Isang simpleng paalala lang:

"Huwag kang matakot. Sa bawat kilos ng pagmamahal, may bahid ng rebolusyon. Tumugon sa tawag ng panahon. Maging hindi pangkaraniwan."

Matagal akong natahimik pagkatapos. Parang biglang huminto ang lahat, at ako na lang ang naiwan sa gitna ng ingay ng sarili kong isip. Doon ko naunawaan: ang pakikipagtagpo sa hindi pangkaraniwan ay hindi lang pagkilala sa kanya, kundi pagharap din sa sarili—sa isang tanong.

Handa rin ba akong ialay ang sarili hindi bilang bayani na may monumento, kundi bilang isang tao? Isang taong minsan gustong kumain din ng peanut butter, o tumawa sa mga action comedy films, at sabay naniniwala pa rin, buong-buo, sa kakayahan ng masa. Sa kawastuhan ng armadong rebolusyon. Sa mundong kayang baguhin ng mga tulad nating hindi perpekto, pero nagpapakahusay at handang lumaban.

Panag-am-ammu ti DATAKO ken Panaglumnek ti Kasasaad
Ni Narda

Idi sumrekak ti kolehio, naamuak iti Kabataang Makabayan - DATAKO babaen ken angkel ko idiay Balbalan, dati a maysa nga kadua. Haan nga nagbayag ket nagbalin a myembro iti NPA wennu New People's Army idi panawen ni Gloria Arroyo. Kunana na kanyak nga awan kanu ti nagbabaiwan na gapu ta adu iti biag ken anges a nai-sakripisio ken napugsat babaen ti nagan para iti panagserbi ken panagdur-as ti dan-gadang ti umili. Awan ti nagbabaiwan na ta awan met ti dakes iti panagdepensar ti karbengan ti tattao ti daga, biag, ken kinabaknang. Bayat nga agpinpinnatang kami, inrolyo na ti pinitpit nga bulong iti tabako idiay dyario sana sinultop ken inibwas na ti sangu ti turturod.

Nalammiis.
Agkankansyon ti bibillit iti salidummay.
Agang-anges ti nabaknang nga karayan.


Santu nangiarasaas ti nauneg ken naulimek a kararag para dagiti gagayyem ken ka-kaduana nga haanen nga naiparang manipud natiliw dagiti susuldados.

Nagbalin isuna nga nalaing nga aktibista diay UP Baguio sakbay na nga inarakop ti kinangatuan a panaglaban ken nakipanagkaysa iti bagis ti banbantay ken turturod di-ay Abra ken Kalinga. Sakbay a sinmampa ken nangiggem ti paltog a M15 rifle, maysa isuna nga nakipagpagna ken nangipukupukaw dagiti arareng-eng dagiti estu-diante panggep ti libre nga edukasion, panagbaba ti bayaran iti eskwelaan, ken pan-nag-gun-od ti talna ken kappia a nakabasar iti hustisia.

Kasla ken angkel ko, mahiligak met nga agsurat. Kayat ko metlang nga makitung-tong maipanggep iti politika. Ti kinaagpaysuanan, naalak kenyanna ti talek ken pa-nagayat iti panagsurat dagiti daniw ken natured nga panangpablaak iti sau laban ti korapsion, panagpatay, panaglangsot ti gobyerno, panakadadael ti aglawlaw gapu ti nalawa nga panagminas ken panagtakder ti dadakkel nga dams ditoy Kordilyera. Adu nga istoria na ti nangngegak nga nangpatibker ti patinakem ko nga mangituloy ti ar-aramidek.

Idi 2022, nagrugi ti eleksyon, ngem ammuk nga haan na nga mapabaliw datuy na-ranggas ken narisik nga sistema. Awan ti sabali nga sumbat nu di ket rebolusyon. Inkamakam ko a simmali ti naibaga nga *underground organization* ket idiay ko a nasuro ti naun-uneg a banbanag panggep dagiti kasasaad ti mannalon, mang-mangged, agtutubo, ken dagiti naduma-duma a nakurapay nga umili. Nagwingiwing ak di umuna ta nadagsen ngem aginggana na-allukoyak met lang.





Pagkilala sa DATAKO at Paglubog sa mga Kalagayan

Nang pumasok na ako sa kolehiyo, nakilala ko ang Kabataang Makabayan - DATAKO mula sa tito kong taga Balbalan na isang dating kasama. Kalaunan siya ay naging myembro ng NPA o New Peoples Army noong panahon ni Gloria Arroyo. Sabi niya sa akin, hindi siya nagsisi sa kanyang naging desisyon dahil malaki ang mga naging ambag ng bawat buhay at hiningang naisakripisyo at naudlot para maglingkod sa ikabubuti ng sambayanan. Wala siyang pagsisisi dahil hindi kasalanan ang tumindig para sa karapatang pantao, lupa, buhay, at kasaganaan. Habang kami ay nagkwekwentohan, nirolyo niya ang dahon ng tabako sa diaryo saka niya hinithit at binuga ang usok sa harapan ng kawalan.

Malamig.

Nagsisiawit ang mga ibon ng salidummay.

Buhay ang agos ng ilog.

Saka siya bumulong ng isang mataimtim na matalinhagang dasal para sa kanyang mga kaibigan at mga kasama na di na muling lumitaw nagmula nang sila ay dinampot ng mga militar.

Naging isa siyang mahusay na aktibista sa UP Baguio bago niya niyakap ang pinakamataas na porma ng paglaban at nakipamuhay sa kaibuturan ng mga kabundukan ng Abra at Kalinga. Bago siya sumampa at humawak ng baril na M15 rifle, kaisa siya sa mga humanay at tumidig para sa mga hinaing ng mga estudyante para sa libreng edukasyon, pagbaba ng mga bayarin sa eskwelahan, at itaguyod ang karapatan at hustisya.

Tulad kay Tito, mahilig din ako na magsulat at makipagtalastasan tungkol sa politika. Sa totoo niyan, sa kanya ko namana ang tiwala at kagustuhan sa pagsusulat ng mga tula at kanta at matapang na pagpapatampok sa mga isyu laban sa korapsyon, pagkitil, kabulukan ng gobyerno, pagsira sa kalikasan dahil sa mga malalaking minahan, at ang pagpapatayo ng mga malalaking dam dito sa Kordilyera. Maraming ng mga kwento ang aking narinig na siyang lalong nagbatibay ng aking loob at kaisipan na ipagpatuloy ang aking gawain.

Noong 2022, kasagsagan ng eleksyon, alam ko hindi nito mababago ang malagim at marahas na sistema. Walang ibang sagot kundi ang magrebolusyon. Dali-dali akong sumali sa sinasabing underground organization at dito ko natutunan ng mas malalim ang mga usaping kalagayan ng mga magsasaka, manggagawa, kabataan, at iba pang sektor ng lipunan. May mga agam-agam pa ako noong una dahil pakiramdam ko mabigat pero kalaunan mas nauunawaan ko na.

Unfamiliar Places
Ni: Sinag

Nilibot natin itong mga pasikot-sikot na kalsada at itong mga sulok-sulok ng mga bangketa. Pareho nating hindi gagap.

Maski nga ang pangalan ng isa't isa. Hindi tayo magkakilala. Ni hindi ko na matandaan kung saan tayo bumaba sa trisikel mula sa ating susunod na patutunguhan. Sabay nating inaaral ang bawat daan. Pero alam natin, iisa lang ang patutungohan - pauwi.

Mabilis ang mga lakad. Naghahanap ng kape.

May nadaan tayong nag-aaway na magkasintahan. Binato ang helmet. Nagmashid lamang ang mga tao sa paligid.

Dali-dali tayong dumaan.

Ngayon, nagaantay tayo ng bus sa tapat ng 7/11. Malalim na buntong hininga ang iyong binuga. Hindi natin alam kung gaano tayo katagal magaantay. Kahit di man tayo gaano nag-uusap, alam natin ang pakiramdam ng isa't-isa. Sa hindi natin kabisadong lugar, alam ko hindi mapanatag ang loob mo dahil ano nga ba ang kasiguraduhan ng ating kalig-tasan…

Matagal na katahimikan habang humihigop ng malamig na spanish latte. Naririnig lang natin ang mga tunog ng mga dumadaang sasakyan. Ang dumadaang magbabalut. Ang tu-nog ng elesi sa building kung saan tayo nakaupo.

Nakakabinging katahimikan.

…

Sakto, may dumaan na pauwing Florida bus. Malapit na.

Makaawid tan, kadwa.



Kuhang litrato mula sa palayan ng Abra.


Sa pagsikat ng pulang silangan

sisilang ang bagong umaga






Mga litrato mula sa OPOD ng KMD at ARMAS hinggil sa 2025 Midterm Election.









AGBIAG TI NPA!
- KIDAWA DAYAWEN -

VIVA
CPP-NPA-NDF
-ARMAS KMP

IMPERYALISMO
IBAGSAK

REBOLUSYON DI ELEKSYON! -

ARTISTS
JOIN THE
REVOLUTION
ARMAS

IMPERYALISMO
IBAGSAK!
KM - DATAKO

IMPERYALISMO
IBAGSAK!
KM - DATAKO

SUMAPI SA
BAGONG
HUKBONG
BAYAN
-ARMAS

KAMATAYAN SA
IMPERYALISMO!
DRB
-ARMAS

AGTUTUBO,
SUMAMPA
ITI NPA!
-KIDAWA DAYAWEN-

DURUGIN ANG
TAMBALANG
MARCOS-DUTERTE!
TAUMBAYAN
MAGARMAS!
-KM-DATAKO

IMPERYALISMO
IBAGSAK!
-KM61

Mga litrato mula sa OPOD ng KMD at ARMAS hinggil sa ika-61 na anibersaryo ng Kabataang Makabayan.

SUMAPI SA
BAGONG HUKBONG
BAYAN -ARMAS

LITISIN ANG
TAMBALANG MARCOS-DUTERTE
TAUMBAYAN SUMANIB SA NPA!!
-KM61

SAGOT SA PASISTANG KORAP
DIGMANG BAYAN! - KM61

Mga Lathalain

Pagsarmingan ti maysa nga ubing
Ni Sue

Nu maminsan, nu agbukirad ti lawag nga mangsillag iti maisan ken pagay, nu agreggaay dagiti kaykayu ti mangga diay likud iti arubayan, nu apan ko sukisuken iti rabong iti bantay, nu innak kalay-aten iti bunga iti aratiles wennu lomboy, nu agsigking dagiti tumeng ken sakak, nu maitublak ak iti pitak diay talon da apong ko, nu itayak ti imak dagiti ubbog nga aglulua ken agkinkintayeg iti tangatang, nu apan ko ammirisin ti sarming iti karayan — malagip ko ti bagika, kasla nga ubing.

Natalna. Naulimek. Nawaya akas pul-oy ti bannawag.

Akas ubing, napnuanak iti arapaap para ken nanang ken tatang ko nga pada a mangmangged ti ili mi. Malagip ko nu mapan kami aggatang diay tindaan iti masida: bulong ti unas wennu tilapia, ipapilit ko nga igatangan dak ti ay-ayam nga agsilaw-silaw ti ngiwat na. Haan ko kayat ti paltog, ta pag-ammuk nga armas datuy ti dadakes a tao karo dagiti susuldados.

Agpaysu gayam.

Agpaysu nga adun iti naglabas a panawenen. Adun ti naipatayyab nga ulaw ti gagayyem ko nga ubbing idi. Nagbaliw met ngata iti dalan ken tarigagay da idi nagsisina kamit dalan. Ngem isu latta kasasaad iti ili mi.

Isu latta piman.

Minsan, kapag umaaninag ang liwanag sa mga pilapil ng maisan at palayan, kapag sumamasayaw ang mga puno ng mangga sa likod ng bakuran, kapag susoukin ko ang mga rabong sa kabundukan, kapag aakyatin ko ang mga bunga ng aratiles o lomboy, kapag mabali na ang aking mga tuhod at paa, kapag ako ay madapa sa putikan sa sakahan ng aking lolo, kapag sasalain ko ang luha ng batis at agkinkintayeg diay tangatang, kapag ako ay dudungaw upang tignan ang aking sarili sa ilog — mistula akong isang batang paslit.

Tahimik. Naulimek. Malaya na parang pul-oy ng bannawag.

Noong akong bata pa, matayog na ang aking pangarap para kila Mama at Papa na parehong manggagawa sa aming ili. Naaalala ko sa tuwing bibili kami sa tindahan ng pangulam: dahon ng tubo o di kaya tilapia, kinukulit ko sila na bilhan ako ng laruang manika na umiilaw ang bunganga. Hindi ko gusto ang baril-barilan kasi ang alam ko armas ito ng mga masasamang tao lalo na ang mga sundalo. Totoo pala.

Totoo na lumipas na ang panahon. Marami nang napalipad na mga saranggola ang aking mga kaibigan mula bata pa kami. Nagbago na din kaya ang kanilang mga inaasam na bukas noong kami ay naghiwalay na ng daan? Pero, ganun parin ang kalagayan ng aming ili.

Ganun nga parin.

Rabong - bamboo shoots
Ili - lugar na kinalakihan

Mga Sulat atbp.

Isang bukas na liham para sa mga kabataan,

Kumusta mga kasama?
Isang mataas na pagbati sa inyo!

Balita ko ngayong taon ay marami kayong napgtagumpayan na laban para sa mga kabataan ng Kordilyera. Hindi ko na ito iisa-isahin baka mapahaba pa ang liham ko. Pero, you know it within yourselves kung ano ang naiambag niyo para sa pakikibaka ng sangkaestudyanteh-an at ng kabataan gaano man yan kalaki o kaliit ay ambag yan sa rebolusyong tinatahak na-tin.

Sa panahong ito, alam ko na karamihan sa inyo ay nagagahol upang habulin ang inyong mga requirements dahil ilang buwan na lang ay graduation na.

Sa panahon din na ito, ay alam ko ang ilan sa inyo ay may nakalatag nang mga plano pagkatapos lisanin ang burgis na paaralan. Maaaring kayo ay nagsisimula nang maghanap ng trabaho, magbakasyon, o ‘di kaya ay kinokonsidira na magpultaym. May ilan na mukhang at lost pa sa kung ano ang gagawin, pero okay lang yan.


Bilang mga kabataang aktibista ng kampus at lansangan, batid ko na sapat na ang kaalaman niyo kung bakit kailangan ng Bagong Hukbong Bayan at ng armadong pakikibaka. Batid ko din na ramdam niyo ang mahalagang papel ng Kabataang Makabayan sa paggampan ng tungkulin upang magpalakas at magsulong ng pinakamataas na porma ng pakikibaka - ang tumungo sa kanayunan at lumahok sa digmang bayan.

Oo, hindi ito madaling tahakin. Naiintindihan ko na bilang mga peti-burges na nakatali sa mga burges na kaisipan-pagdududa, pangangamba, at pagdadalawang-isip. Life in a semi-colonial and semi-feudal society is not that easy. Alam ko na alam niyo na iisa lang ang sa-got dito. Kaya nga tayo narito sa landas ng mga hindi pangkaraniwan para baguhin ang hin-di pagkapantay-pantay at ang lipunan. Narito tayo, nagpupuna at nagwawasto.

Agasem ngay, ilang taon na tayo hindi parin magapi-gapi. Kaya nasa kamay nating ta-gapagmana ng rebolusyon na isulong ang DRB hanggang tagumpay. Kung kaya ng mga nauna sa atin na magsakripisyo at tumugon sa panawagan na humawak ng armas para ipaglaban ang hustisya at kapayapaan ay lalong hamon sa atin na tumugon dito.

Mga Kabataang Makabayan, bukas na bukas ang bulubundukin ng Kordilyera. Hinihintay na kayo ng mga kasama, ng masa, at ng digmang bayan.

Kidawa Dayawen



Sulat na movie review ni Wayi-na-Pula

Tahimik ang mundo ni Takumi at ng kanyang anak na si Hana sa Evil Does Not Exist, pelikulang dinirekta ni Ryusuke Hamaguchi at ipinalabas sa 2025 Japanese Film Festival.


Sa ilalim ng niyebe, ang bawat araw nila ay umiikot sa ritmo ng kalikasan mula sa pag-igib ng tubig, sa pagputol ng panggatong, hanggang sa pagmasid sa kagubatan. Ngunit sa pagdating ng mga real estate developer sa nayon ng Mizubuki, unti-unting nabasag ang katahimikan. Balak nilang magtayo ng glamping site para sa mga burgis sa lungsod; isang pasilidad na gustong iparanas ang buhay probinsiya nang hindi isinasantabi ang ginhawa.

Ang plano ng kumpanya ay sisira sa sapa na mismong pinagmumulan ng inuming tubig ng komunidad. Dito nagsimula ang malinaw na tunggalian: kalikasan laban sa kapital, kabuhayan laban sa kita.

Sa direksyon ni Hamaguchi, walang ganap na mabuti o masama. Ang real estate developers ay kumikilos para sa tubo, ang mga mamamayan ng Mizubiki para sa kaligtasan, at ang kalikasan ay nananatiling walang galaw. Sa pagtatapos ng pelikula, ang pagkamatay ni Hana sa sungay ng isang sugatang usa at ang pagpatay ni Takumi sa real estate developer ay tinitingnan niyang hindi bilang kasamaan kundi bilang likas na tugon—isang uri ng self-defense.

Sa ganitong pananaw, ang bawat pagkilos ay bunga lamang ng kalagayan; wala talagang masama, may mga taong sumusunod lamang sa udyok ng kanilang uri at pangangailangan.

Ngunit dito nagkukulang ang lente ni Hamaguchi pagkat kinalimutan nito ang sariling pagpapasya ng tao. Totoo, hinuhubog tayo ng sistema at ng kulturang kinalakihan, ngunit hindi nito tinatanggal ang kakayahang pumili. Ang katahimikan sa harap ng pang-aapi ay hindi neutral; ito ay kasabwat. Ang kasamaan ay umiiral sapagkat may mga taong pinipiling huwag kumilos kahit malinaw kung sino ang naaapi.



Ang kabaitan na walang direksyon ay nauuwi sa kawalang-saysay, at ang galit na walang organisasyon ay nagiging paikot na dahas. Sapagkat kung lahat ay likas, sino pa ang mananagot?

Tulad ng Mizubuki, sagana rin ang Cordillera sa mga anyo ng pang-aalipusta ng mga banyagang mandarambong at lokal na naghaharing uri. Makikita ito sa pagtatayo ng mga dam, minahan, at proyektong nagbabalat-kayong "pag-asenso." Ngunit sa gitna nito, may mga tumatangan ng armas upang ipagtanggol ang lupa, kabuhayan, at integridad.

Dito nakikita na kung natural sa tao ang bumalikwas sa pananamantala, hindi sapat ang mapagpalayang dahas lamang. Nang pinatay ni Takumi ang isang kinatawan ng kumpanya, totoo man o kathang-isip, nakikita natin ang likas na pakikibaka. Subalit ang galit na walang organisasyon ay parang putok sa hangin: may lakas, ngunit walang direksyon.

Ang paglaban ay higit pa sa likas na pag-alsa pagkat ito ay sinadya, may disiplina, at layuning magkaisa.Sa ganitong yugto, ang kamulatan ay lumalampas sa sarili at nagiging kamalayang kolektibo.

Sa huli, naglalakad si Takumi sa kakahuyan, at hindi natin alam kung totoo pa rin ito o panaginip. Ang niyebe ay bumabalot sa lahat, tulad ng sistemang pilit tinatakpan ang kasalanan sa ngalan ng kaayusan. Ngunit kahit ganito, malinaw ang paalala: may kasamaan, at narito ito sa gitna ng ating katahimikan.

Ang tunay na kabutihan ay hindi laging payapa. Minsan ito ang tinig na pumipigil sa pang-aapi—ang bulong ng bundok, ang agos ng tubig, at ang putok ng baril sa hanay ng mga gerilyang nananawagan ng pambansa-demokratikong rebolusyon

Magandang araw, kasama!

Hindi tayo magkakilala ngunit hanga ako sa tinahak mong landas. Magkaiba ang konteksto at kondisyon ng ginagalawan natin pero ramdam ko ang pagpupursumikap at pagpapatuloy niyo sa pakikibaka.

Kumusta ba rito sa baba? Eleksyon na naman. Aktibo ulit lahat sa politika at ang nakakapagpalawak tayo. nakakalungkot naman ang nakakapagpalawak tayo. Minsan nga parang iisa na ang showbiz at politika pero eto naaaliw sa mga teleserye at PBB. Gusto ko rin magbahagi ng kanta lele. Tungkol ito sa mga magsasaka. "Tambis" ang title nito.

Magpahinga kayo at magpakabusog! Patuloy tayong magwasto at sumulong sa pakikibaka,

-Kasama mo
kabataan!



Naimbag nga bigat/malem/rabii!!!

Kumusta met iti biyag yo dita, dungdungwen mi nga kakadwa?

Agyaman kami unay kadaguiti sakripisyo nga inpaay yo tapno bumallaigi toy daga nga nakaiyanakan tayo.

Haan yo kuma baybay-an ta bagi yo. Sapay kuma ta napno kayo ti pigsa, kired, ken salun-at.

♡ Kin DATAKO







hello kasama,
kumusta? patuloy ang pag-oor-
ganisa ng kabataan sa urban :)
ilan sa mga kasama rito ay ounili
naging fulltaym. ilan naman ay
binubuo ang perspektib sumama
diyan. luwag sana
kaya napaghinaan
ng loob. patuloy lang.
patuloy tayong lumalakas
langgam sa tagumpay,
erong

MABUHAY ANG BAGONG HUKBONG BAYAN

TUMUNGO SA KANAYUNAN
[redacted]

sarakret-
ko bertie
ko :D





AGBIAG TI NPA!
- KIDAWA DAYAWEN-



Hello po! Unang beses kong sumulat
ng ganito kayo pasensya na po agad hehe.
Siguro, bilang anak ng isang dating
katulad niyo, naging mahirap din
para sa akin na maintindihan kung
ano nga ba ang ginagawa ninyo.
Hindi ko po sigurado kung may anak
ba ang makakatanggap ng liham na ito
pero gusto ko pong sabihin sa inyo
na balang araw, maiintindihan rin nila.
At sana, kapag dumating na ang
araw na iyon na-organisa rin sila at
maging kabahagi sa ating ipinaglalaban.
Sigurado at tiyak rin na balang araw,
maaabot rin natin ang tagumpay.
Hanga po ako sa inyo! Palaging
mag-iingat, kasama! ♡

Panagpatakder ti perspektiba ti panagsang-at akas maysa nga NPA
Ni Normando

Sakbay a nalpas ti maysa a panagbisita iti maysa a komunidad mariknakon ti kinaayat ko nga idatun ti arapaap ken biag ko nga pudno nga agserbi kadagiti mannalon nga patpatayen ti susuldados, mangmangged nga awan ti maipakan da dagiti pamilya da gapu ti nababa a pasweldo, dagiti agtutubo nga haan makabasbasa gapu ta adayu ti pageskwelaan ken awan ti narang-ay nga suporta, ken dagiti nainsigudan nga umili nga aabo-abogen iti lastog ken tangsit nga gobyerno.

Adu pay nga rason nu apay kayat ko. Haan laeng nga pinnaltugan iti gubat ti umili. Haan laeng nga panaggibus dagiti trak ti mangbagi iti daga. Nu di ket panangiparangarang iti lam-lam ken dalluyon ti amin a panagsagaba, rigat, ladingit, salsalimetmet, ayat, ken ragsak.

Aggraduarak tatta umay nga Hulyo, adu dagiti panagduadua. Haan nga maidulin iti panag-buteng, ngem kinanayun ko nga panpanunoten nga ad-adu pay iti dakdakel nga banag ken panggep kaysa dagitoy nga buteng.

Para ken nanang ken tatang ko, agpakawan ak nu haan nga siyak ti anak nga immuna nga tinartarigagayyu. Ngem ikarik nga datoy aramidek ket haan lang a para kenyayu nu di ket pagbanagan pay ti ad-adu nga pamilya, para iti uubbing nga awan balay da, para kadagiti manalon nga awan daga da, kadagiti mangmangged nga nababa iti sweldo, kendagiti babai nga maababuso, ken dagiti intero nga umili nga ag-apaap iti nasayaat nga kasasaad.

Pagkatapos ng pagbisita sa isang komunidad ramdam ko na ang aking ka-gustuhan na dumugtong sa mga kasama at ialay ang aking buhay upang magsil-bi sa mga magsasaka na binubusabos ng mga militar, sa mga manggagawa na walang maipakain sa kanilang mga pamilya dahil sa mababang sweldo, sa mga kabataang hindi marunong magbasa dahil malayo ang mga eskwelahan at wa-lang maayos na suporta dito, sa mga pambansang minorya na pilit pinapalayas ng hambog at mayabang na gobyerno.

Madami pa akong gustong himayin na mga dahilan. Hindi lang ang bumaril pa-ra sa gera. Hindi lang para manunog ng trak ng mga panginoong may lupa. Kundi sa mas malalim pa na dahilan ng pagsalubong sa mga alon ng balakid, hirap, lungkot, puot, pag-ibig, at ligaya.

Gragraduweyt na ako sa darating na Hulyo pero marami pa akong mga agam-agam. Hindi maitago ang takot, pero lagi kong iniisip na mas marami pang ma-malaking bagay kaysa sa takot na aking nararamdaman.

Para sa nanay at tatay ko, humihingi ako ng patawad kung hindi niyo na ako kilala bilang unang anak na inaruga. Pero pinapangako ko na itong larangan ng aking gawain ay hindi lang para sa inyo kundi para din sa mas maraming pamilya, sa mas maraming mga bata na walang tahanan, para sa mga mag-sasakang walang lupa, para sa mga manggagawang mababa ang sahod, pa-ra sa mga kababaihang inaabuso, at para sa lipunang Pilipino na naghahangad ng isang malayang bukas.



RISIRIS

DANGADANG ITI GUBAT